Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
DIVISION OF CEBU PROVINCE
Sudlon, Lahug, Cebu City

Agosto 15, 2013

Pansangay Memorandum
Blg. 447, S. 2013

**PANSANGAY NA TAGISAN NG TALINO AT PATIMPALAK SA PAG-AWIT NG ISAHAN (SOLO) AT DALAWAHANG TINIG (DUWETO)**

Para sa: OIC, Assistant Schools Division Superintendents
Education Supervisors/Division Coordinators
District Supervisors/OICs
Elementary and Secondary School Heads

1. Ang Tanggapang ito ay nagbabalita ng pagkakaron ng Pansangay na Tagisan ng Talino at Patimpalak sa Pag-awit ng Isahan (Solo) sa Elementarya at Dalawahang Tinig (Duweto)sa Sekundarya na gaganapin sa Agosto 27, 2013 sa SM City, Consolacion, Cebu sa ganap na 10:00 n.u. ang tagisan at 1: 00 n. h. ang pag-awit.

2. Ang Area Level na Patimpalak sa Tagisan at Pag-awit ay gaganapin sa mga sumusunod na eskedyul at lugal:

| Area Level | Petsa | Lugal na Pagdarausan |
|---|---|---|
| Northeast (Elementarya) | Agosto 20, 2013 | Khai Gym, Liloan, Cebu |
| (Sekundarya) | Agosto 20, 2013 | Arcelo Memorial NHS, Liloan |
| Northwest (Elementarya) | Agosto 20, 2013 | Kawit NHS, Medellin |
| (Sekundarya) | Agosto 20, 2013 | Kawit NHS, Medellin |
| Southeast (Elementarya) | Agosto 20, 2013 | Argao Central School, Argao, |
| (Sekundarya) | Agosto 20, 2013 | Argao Complex, Argao |
| Southwest (Elementarya) | Agosto 19, 2013 | Moalboal Central School, Moalboal |
| (Sekundarya) | Agosto 19, 2013 | Bitoon Vocational NHS, Bitoon, Dumanjug |

3. Ang makalalahok sa Pansangay na Tagisan ng Talino ay yaong unang sampung (10) nagwagi sa bawat area at ang makalalahok naman sa Patimpalak sa Pag-awit ay yaong unang dalawang (2) nagwagi sa bawat area. Samakatuwid, ang kabuang kalahok sa Pansangay na Tagisan ng Talino ay apatnapu sa elementarya gayundin sa sekundarya samantalang ang kabuang kalahok naman sa Pag-awit ng Solo ay walo (8) sa elementarya at walo (8) rin sa Pag-awit ng Duweto sa sekundarya.

4. Inaasahang ang mga sasali sa patimpalak sa tagisan ay nakasuot ng uniporme samantalang ang mga kalahok sa pag-awit ay nakagayak Filipiniana (babae't lalaki). Kinakailangang magdala ng gitara at gitarista ang mga kalahok at maaaring gumamit din ng CD o anumang instrumento bilang pansabay sa awitin.

5. Ang butaw ng bawat kalahok ay nagkakahalaga ng Isang Daang Piso (Php 100.00) na gugugulin para sa mga tropeo at medalya ng magsisipagwagi, honorarium sa lupon ng inampalan, sertipiko, pagkain at iba pang gastusin na may kaugnayan sa nasabing patimpalak ay maaaring manggagaling sa pondong local/MOOE/ PTCA at iba pang mapagkukunan na sasasilalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

5. Ang memorandum na ito ang magsisilbing Travel Order ng mga kalahok.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ARDEN D. MONISIT, Ed.D.**
**Schools Division Superintendent**

Telephone Numbers:
Schools Division Superintendent: (032) 255-6405
Website : www.depedcebuprovince.com
E-mail Add : depedcebuprovince@yahoo.com